

CHURCH CONCERNS



United Church of Christ in the Philippines

South Luzon Jurisdiction
Northeast Southern Tagalog Conference

CHURCH NAME

ADDRESS



10TH SUNDAY IN KINGDOMTIDE

October 30, 2016



INDIGENOUS PEOPLE'S MONTH

Patnugot:

Pianista:

Tagapamahalang Pastor:

(A Spirituality means no less than an act of Sharing in the broken Body of Christ for the healing of the world. It is a commitment to the mandate to give oneself to God and to the world so that God may be Honored and that all may enjoy God's gracious gift of fullness of life.)

PAGNINILAY-NILAY "Nasa inyo ngayon ang kapasyahan. Kayo ang pipili ng buhay at kasaganaan o ng kahirapan at kamatayan. Kapag sinunod ninyo ang kautusan, inibig si Yahweh, at nilakaran ang kanyang mga landas, pagpapalain niya kayo sa lupaing ibibigay niya sa inyo. Mabubuhay kayo ng matagal at kanyang pararamihin kayo". Deut. 30: 15-16

☪Kaayusan Ng Pananambahan☪

MASAYANG PAG-AAWITAN PAMBUNGAD NA TUGTUGIN ANG PAGSISINDI NG KANDILA AT PAGBUBUKAS NG BIBLIA

☪☪☪ TAWAG SA PAGSAMBA

Patnugot: Tayo’y magkakasama ngayon upang sambahin ang Dios ng kasaysayan;
Kapulungan: Upang kilalanin ang buhay kay Kristo; upang pagnilayan ang kalayaang dulot ng Salita. Idalangin natin ang gabay at kalakasang nagmumula sa Dios!
Lahat: Halina’t sambahin ang Diyos sa Espiritu at Katotohanan! Siya ang Dios ng katarungan at kapayapaan!

☪☪☪ PANIMULANG AWIT:

“Dios Natin ay L’walhatiin” **HFJ 8/AIK 329**

Dios natin ay luwalhatiin, atin S’yang papurihan
May paggalang na lapitan, ngalan Niya’y ipag-awitan!
KORO: Dios ng awa, Dios ng pagsinta, tanggapin aming pagsamba;
Alay namin puso’t kalul’wa at laging pupurihin Ka.

Sala nati’y ipahayag, nang kamtan ang patawad; Ating dalhin ang bagabag,
pala Niya ay igagawad! **(KORO)**

Nasa ng Dios ay hanapin, aral Niya’y dinggin natin; Buhay natin ay ihain,
atas Niya ay ating tupdin. **(KORO)**

☪☪☪ PANIBUKAS NA PANALANGIN: (sabay-sabay ang lahat)

Buháy na Dios, ipadama Mo sa amin ang iyong Banal na presensya habang kami ay nagkakatipon upang sambahin ang Iyong pangalan, pag-aralan at pagbulay-bulayan ang karanasan at tagubilin ng mga naunang mananampalataya. Buksan mo ang aming mga mata upang magkaroon kami ng kamalayan sa mga bagay na dapat naming maunawaan. Buksan mo ang aming mga tainga upang dinggin ang Iyong tinig. Turuan Mo kami upang mas makilala Ka at maranasan ang Iyong kapangyarihan at pag-ibig. Sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon. Amen.

HAMON NG PAGSISIYASAT NG MGA SARILI

TAWAG SA PAGSISISI

Patnugot: Kung sinasabi nating hindi tayo nagkasala, dinadaya natin ang ating mga sarili at wala sa atin ang katotohanan. Mahabagin at mabuti ang Diyos na nangako sa atin ng biyaya at kapatawaran kung atin lamang kikalalanin ang ating mga kahinaan at pagkawalang pakialam. Halina, mga kapatid, ipagtapat natin sa Diyos ang ating mga kasalanan.

Mataimtim na Panalangin at Pagsisiyasat sa sarili sa saliw ng Musika

PAGTANGGAP SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS: Pastor
Ang Diyos ay banal at tapat na nagkaloob ng kapatawaran at pagpapanibago sa sinumang humihingi nito. Kaya pumanatag kayo, panaligan at pahalagahan ninyo ang katiyakang ito, Amen.

TUGON “Ako Ay Lubhang Maligaya Ngayon” MASP 206

Ako ay lubhang maligaya ngayon, sa mapiling anyaya;
“Sinoman, sabi ng Panginoon, lumapit sa kanya”.
Koro: O anong galak ang tumugon sa anyaya ng ating Panginoon,

Lumapit ka’t kusang paampon. O! Lumapit ka ngayon.

BALITA AT MALASAKIT NG IGLESIA ANG PAGBABATIAN NG KAPAYAPAAN PANALANGING PASTORAL TUGON

“Ang Taos Pusong Dalangin”

Ang panalanging mataman, tunay na pinakikinggan
Sinasagot gabi’t araw na walang pag-aalinlangan.
Ang puso nating may dungis sa kay Hesus ay ilapit
Upang sa ating paghibik ay magtamo ng tangkilik. Amen.

**(Tumayo ang lahat)
Pastor
MASP 126**

ANG KAPAHAYAGAN NG SALITA NG DIYOS

☪☪☪ PAGBASA MULA SA BANAL NA BIBLIA 2 HARI 22: 11-20; 23: 1-3 at Roma 14: 17

☪☪☪ GLORIA PATRI: “Ang Ama’y papurihan at ang Anak at ang Espiritu
Buhat pa saunang-una, ngayo’t magpakailanman
Walang hanggan,Amen,Amen”

MENSAHE SA AWIT MENSAHE NG BUHAY TAHIMIK NA PAGNINILAY SA MENSAHE

ANG PAGHAHANDOG NG MGA KALOOB

TAWAG SA PAGHAHANDOG

Patnugot: Ang mga handog natin ay may layong dakilain ang pangalan ng Diyos at ipahayag ang sidhi ng ating pasasalamat. Pagpapahayag din ito sa pagka-pukaw ng damdamin at malasakit sa kapatiran na nagpupunyaging matagpuan ang buhay. Ang paghahandog ay pagkilala sa bigat at kahalagahan ng mga bagay na ating natatanggap at inaalay. Maghahandog tayo ayon sa ating makakaya – na may kagalakan.

PAGLILIKOM NG MGA HANDOG

☪☪☪ TUGON “Doxologia”

Purihin ang Diyos ng Awa. Kristo’t Diwang mapagpala
Magpuri ang taong madla sa Diyos ng langit at lupa Amen.

☪☪☪ PANALANGIN NG PASASALAMAT Pastor Patnugot

☪☪☪ AWIT NG PAGTATALAGA: “Buhay Kay Kristo” AIK 64 (Living for Jesus)

1. Buhay kay Kristo buhay na laan; laang maglingkod habang may buhay. Ang buong oras ipaglilingkod, ito ang daang hahantong sa Dios.

Koro: Handa ako, O Kristo, gawing Iyong lingkod; nang dahil sa dugo Mong sa krus ay nabuhos. Ang puso ko ay gawing tronong maalindog. Ang buhay ko ay Iyo na, Kristong Mananakop.

2. Lapit kay Kristo sundin tuwina. Sa krus napako labis nagdusa. Dahil sa ating taglay na sala. Dinggin ang tawag, Kanyang anyaya. (Koro)

3. Kahit kaylan man, kahit nasaan. Aking susundin utos N’yang banal. Handang magdusa kung s’yang kaylangan, ituturing kong tungkuling tunay. (Koro)

4. Yaring buhay ko hawakan, Hesus. At buong sikap ipaglilingkod. Pusong naligaw ay idudulog. Ilalapit ko sa Iyo, Hesus. (Koro)

**☪☪☪ PANALANGIN NG PAGTATALAGA: Pastor
☪☪☪ PAGPAPALA AT BASBAS: Pastor
TUGON: Tatlong Amen: Amen, Amen, A-a-a-amen**